

OREGON DEPARTMENT OF EDUCATION
*Oregon achieves . . . together!*

# BAKIT MAHALAGA SA MGA TAGAPAGTURO ANG PARTISIPASYON SA PAGSUSULIT NG BUONG ESTADO

### Paano Nakakatulong sa Akin ang Pagkuha ng mga Pagsusulit ng Estado para Suportahan ang Aking mga Mag-aaral?

- Nagbibigay ito sa iyo ng maaasahang impormasyon tungkol sa progreso sa paglipas ng panahon sa English language arts (ELA), matematika, at agham na maaaring magamit kasama ng iba pang pinagmumulan ng impormasyon sa pag-aaral.
- Nagbibigay ito ng impormasyon tungkol sa mga kahusayan at punto para paunlarin na maaaring gumabay sa mga pagbabago sa kurikulum at pagtuturo sa ELA, matematika, at agham.
- Nakakatulong ito na suportahan ang iyong mga pagsisikap para itaas ang lahat ng iyong mag-aaral sa parehong mataas na inaasahan, tinitiyak ang pantay na mga resulta para sa lahat ng mga mag-aaral ng Oregon.

### Paano Nakatutulong sa Aking Paaralan ang Pagkuha ng mga Pagsusulit ng Estado?

- Tumutulong ito na matukoy ang mga trend sa pag-aaral, at humihikayat ng pag-aanalisa kung aling mga grupo ng mag-aaral ang maaaring naseserbisyuhan nang hindi sapat at maaaring mangailangan ng mga karagdagang resources.
- Sinusukat nito ang pag-aaral ng mag-aaral sa ELA, Matematika, at Agham, at pinapahintulutan nito ang mga paaralan na ipagdiwang ang pag-unlad ng buong paaralan sa napagtagumpayan ng mag-aaral pati na rin ang pagtukoy sa mga goal area na pagbubutihin sa mga content area na iyon.

## Mga FAQ tungkol sa mga Pagsusulit ng Estado

**Kinakailangan ba ang lahat ng mag-aaral na lumahok sa mga pagsusulit ng estado?**

Ang Every Student Succeeds Act (ESSA) ay **nangangailangan** ng partisipasyon ng lahat ng mag-aaral sa mga pagsusulit ng estado sa mga nasuring baitang (na may eksepsiyon na nakadetalye sa ORS 329.479 at OAR 581-021-0009). Para sa mga mag-aaral na may mga kapansanan, ang partisipasyon sa pagsusulit ay kinakailangan din ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA).

**Maa-access ba ng lahat ng mag-aaral ang mga pagsusulit ng estado?**

Karamihan ng mga mag-aaral ay kumukuha ng pangkalahatang pagsusulit ng estado. Ang ilan ay nangangailangan ng akomodasyon upang ma-access ang pagsusulit, at ang ilan na may mga kapansanan sa paunawa na pinakamahalaga ay kumukuha ng isang pamalit na assessment.

- Tinitiyak nito na ang limitadong resources ng estado at pederal ay ipinamamahagi upang suportahan ang mga paaralang higit na nangangailangan.

## Paano Dapat Gamitin ng mga Paaralan ang mga Resulta ng Pagsusulit nang Naaayon?

- Ang mga resulta ng pagsusulit ng estado ay maaasahan sa antas ng grupo ng mag-aaral at dapat gamitin upang **masuri kung gaano kahusay natutugunan ng kurikulum at pagtuturo** ang mga pangangailangan sa pag-aaral ng lahat ng grupo ng mag-aaral sa taunang batayan. Ang paggamit ng Target Report ay mahalaga sa pag-aanalisang ito.

- Unawain na ang pag-review sa mga resulta ng pagsusulit ng estado ay dapat magdulot sa paaralan **na magtanong**, upang isipin kung anong karagdagang impormasyon ang kanilang kailangan upang suportahan ang pag-aaral para sa lahat ng mag-aaral.

- Ang pagsusuri sa mga indibidwal na mag-aaral, pag-access sa mga oportunidad ng mag-aaral (gaya ng pag-access sa mga mapaghamong math pathway, Advanced Placement, International Baccalaureate, o mga programa para sa Talented at Gifted) ay dapat nakabatay sa **maraming pinagmumulan ng katibayan**.

- Gamitin ang mga resulta ng pagsusulit ng estado sa mga pag-uusap tungkol sa pag-aaral ng mag-aaral. Ang mga ito ay **hindi dapat gamitin upang itakda ang indibidwal na mga layunin ng guro** bilang bahagi ng proseso ng pagsusuri ng guro.

## KONTAK

ODE's Assessment Team Webpage

Mangyaring ipadala ang anumang mga tanong, komento o rekomendasyon sa:

*ODE.AssessmentTeam@ode.oregon.gov*

Sinusukat ng mga pagsusulit ng estado ang progreso ng mag-aaral sa English Language Arts, Matematika, at Agham Dapat lamang bigyang-kahulugan ang mga ito kasama ng iba pang pinagmumulan ng katibayan, tulad ng mga resulta ng SEED Survey, mga pansamantalang resulta ng assessment, feedback ng guro, mga report card, at attendance.

Ang pagsusulit ng estado ay nagbibigay ng snapshot kung paano nagpe-perform ang isang **buong sistema ng paaralan** sa mga mahahalagang aspeto. Ipinapaalam nito ang mga desisyon na magpapahusay sa pagpo-programa at magbibigay ng targeted resources at suporta sa iba't ibang paaralan.

*Assessment Resources ng ODE*

*Ang Tamang Assessment para sa Tamang Layunin*

*Formative Assessment Resources*

*Interim Assessment Resources*

*Survey ng SEED*

*Parent Assessment Literacy Training Modules*

National Center on Educational Outcomes
www.nceo.info

Ang NCEO ay sinusuportahan sa pamamagitan ng kasunduan ng pakikipagtulungan (H326G160001) sa pagitan ng University of Minnesota, National Center on Educational Outcomes (NCEO) (#H326G160001) at ng U.S. Department of Education, Office of Special Education and Rehabilitative Services (OSERS), Office of Special Education Programs. Ang mga materyales ay hindi kinakailangang sumasalamin sa posisyon o patakaran ng U.S. Department of Education o mga Tanggapan sa loob nito. Opisyal ng Proyekto: David Egnor